SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 05 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 12 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 04, 2025, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Robert S. Quiatchon	- Tagapangulo
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal David D. De La Cruz	- Miyembro
Konsehal Michael O. Pongyan	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Christopher Y. Carvajal	- Miyembro
Konsehal Gualberto V. Magno	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo:

WALA

KAPASYAHAN BLG. 12
Taong 2025

KAPASYAHANG NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN KAY GINOONG LEE A. MANALAYSAY, KONSULTANT SA MGA BAGAY-BAGAY TUNGKOL SA ARI-ARIANG REAL, NA MAGPROSESO NG MGA DOKUMENTO PARA SA PAGPAPATITULO NG MGA LUPANG NABILI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Roxas ay nakabili ng ilang bahagi ng lupa para sa mga proyektong pangkaunlaran at pampubliko;

SAPAGKAT, kinakailangang maproseso at maipatitulo ang mga nasabing lupain upang ganap na mailipat sa pangalan ng Pamahalaang Bayan ng Roxas at magamit nang wasto alinsunod sa layunin ng pagbili;

SAPAGKAT, si Ginoong Lee A. Manalaysay ay itinalagang konsultant ng Pamahalaang Bayan sa mga usapin ukol sa ari-ariang real at may sapat na kaalaman, kakayahan, at karanasan upang iproseso ang mga dokumento ng pagpapatitulo;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Christopher Y. Carvajal na pinangalawahan ni Kgg. King Philip S. Dimapilis –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na bigyan ng kapangyarihan si Ginoong Lee A. Manalaysay upang iproseso ang lahat ng kinakailangang dokumento sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan para sa layuning maipatitulo sa pangalan ng Pamahalaang Bayan ng Roxas ang mga lupang nabili nito;

ROBERT S. QUIATCHON **FERDINAND V. TALENS, MPA**

IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa tanggapan ni Kgg. Jerwin S. Dimapilis Punong Bayan, G. Lee A. Manalaysay, Konsultant sa mga Usaping Hinggil sa Ari-Ariang Real, at sa iba pang kinauukulang ahensya para sa kanilang kabatiran at nararapat na aksyon.

Pinagtibay: 04 Agosto 2025

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

ROBERT S. QUIATCHON
Tagapangulo

MICHAEL F. FAINA
8/14/25

received by:
Ann Jessica A. Labis
08-05-25

RECEIVED
Jonalyn Plamill
AUG 05 2025
1:52 pm

REMMAR P. BACAY
MUNICIPAL TREASURER
8/5/25
2:17 PM